TALÓS
ISSN : 3155-7309
TALÓS: Saliksik sa Wika, Kalinangan, at Likas-Kayang Pag-unlad
(TALÓS: Philippine Journal of Language, Culture, and Sustainable Development)
Vol. 1, No. 2, 2026 | DOI: https://doi.org/10.65339/talos.V1.I2.7

Ang Kabisaan ng Project-Based Learning sa Pagkatuto ng Panitikan ng mga Mag-Aaral sa Pampublikong Paaralang Sekondarya sa Purok ng Daet, Sangay ng Camarines Norte

Rhoda C. Azures
Master of Arts in Education – Filipino, University of Northerneastern Philippines, Iriga City, Camarines Sur, Philippines

Abstrak: Nilayon ng pag-aaral na masuri ang kabisaan ng Project-Based Learning (PBL) sa pagkatuto ng panitikan ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Daet, Sangay ng Camarines Norte, sa Taong-Panuruan 2025–2026, matukoy ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro, at makabuo ng mga rekomendasyong pampolisiya. Nakabatay ang pananaliksik sa mga teorya ng konstruktibismo, pagkatutong nakabatay sa karanasan, pag-unlad panlipunan, maraming talino, at pagkatutong nakabatay sa konteksto. Ginamit ang deskriptibo-ebalwatib korelasyonal na disenyo na nilahukan ng tatlumpung (30) guro sa Filipino mula sa tatlong pampublikong paaralang sekondarya. Nangalap ng datos gamit ang sariling binuong talatanungan na may 100 aytem at limang-puntong iskala. Sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng frequency count, percentage, weighted mean, rank, Kendall Coefficient of Concordance W, at chi-square. Natuklasang mabisang-mabisa ang PBL sa pagkatuto ng panitikan (4.54), kung saan pinakamataas ang kolaborasyon at komunikasyon (4.71), kasunod ang malikhain at mapanuring kaisipan (4.58). Gayunman, tinayang lubhang malubha ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro (4.55), partikular ang kakulangan sa kaalaman (4.64), oras (4.61), at kasanayan sa pagdidisenyo ng makabuluhang proyekto (4.59). Natukoy rin ang makabuluhang pagkakasundo ng mga ranggo sa pagtataya ng mga respondyente. Inirekomenda ang pagpapaunlad ng mga proyektong nakaugat sa lokal na komunidad, paggamit ng teknolohiya, sapat na suportang pang-institusyon, at pamantayang rubrik sa pagtataya. Nakaugnay ang pag-aaral sa Sustainable Development Goal 4 (De-kalidad na Edukasyon) at SDG 17 (Pakikipagtulungan para sa mga Layunin). Ang mga natuklasan ay maaaring makatulong sa napapanatiling pagpapaunlad ng kalidad ng edukasyon, pagpapahalagang pangkultura, at mga patakarang sumusuporta sa makabuluhan at inklusibong pagtuturo ng panitikan.

Mga Susing Salita Kabisaan Ng Pagkatuto; Kolaborasyon at Komunikasyon; Mga Suliranin ng Guro; Napapanatiling Edukasyon; Panitikan; Project-Based Learning; Rekomendasyong Pampolisiya

INTRODUKSIYON

Ang Project-Based Learning (PBL) ay isang makabagong estratehiyang pedagogikal na nakasentro sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga proyektong nakaugnay sa tunay na buhay. Sa pagtuturo ng panitikan, nagbibigay ito ng pagkakataong mapalalim ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan, malinang ang malikhain at mapanuring pag-iisip, at mapaunlad ang kasanayan sa kolaborasyon at komunikasyon. Gayunman, ang matagumpay na pagpapatupad nito ay maaaring maapektuhan ng kakulangan sa oras, kaalaman ng mga guro, kagamitan, at suporta ng mga magulang at iba pang stakeholder. Kaugnay nito, nakatuon ang kasalukuyang pag-aaral sa pagsusuri sa kabisaan ng Project-Based Learning sa pagkatuto ng panitikan ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Daet, Sangay ng Camarines Norte, sa Taong-Panuruan 2025–2026. Nilalayon din nitong matukoy ang mga suliranin sa pagpapatupad ng PBL bilang batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyong pampolisiya tungo sa de-kalidad na edukasyon.

Ang pagtuturo ng panitikan ay mahalagang bahagi ng edukasyon sapagkat nililinang nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, pagpapahayag, pag-unawa sa karanasan ng tao, at pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan. Sa pamamagitan ng Project-Based Learning, ang mga akdang pampanitikan ay maaaring bigyang-kahulugan sa pamamagitan ng pagsasadula, malikhaing pagsulat, digital storytelling, at iba pang proyektong nagpapaugnay sa nilalaman ng aralin at aktuwal na karanasan. Ipinakita nina Hernandez at Rivera (2021) na nakatutulong ang PBL sa mas malalim na pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing presentasyon. Binigyang-diin nina De Guzman at Santos (2020) ang positibong kaugnayan nito sa motibasyon at interes ng mga mag-aaral, samantalang natuklasan ni Cruz (2019) ang mas mahusay na pagsusuri sa mga tauhan, tema, at mensahe ng akda. Kaugnay nito, ipinunto ni Reyes (2022) ang pag-unlad ng kasanayan sa pananaliksik at malikhaing pagsulat, habang binigyang-halaga nina Lopez at Mariano (2021) ang kolaborasyon bilang paraan ng pagpapalalim ng pagpapahalaga sa kultura at kasaysayang Pilipino. Sa kabila ng mga benepisyong ito, nananatiling hamon ang kakulangan sa sapat na oras, pagsasanay, kagamitang panturo, at pantay na pagkakataong makilahok sa mga proyekto. Dahil dito, mahalagang masuri ang kabisaan ng PBL batay sa karanasan at pagtataya ng mga guro upang matukoy ang mga kinakailangang hakbang sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng panitikan.

Binibigyang-diin sa mga kaugnay na literatura ang kahalagahan ng aktibong pagkatuto, malikhaing interpretasyon,

at aplikasyon ng kaalaman sa pamamagitan ng PBL. Ayon kay Thomas (2020), nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na mailapat ang kanilang kaalaman sa kontekstuwal at makabuluhang paraan. Binanggit din ni Thomas (2000) ang kontribusyon nito sa akademikong pagganap at pagpapalawak ng pananaw sa panitikan. Ipinaliwanag nina Larmer at Mergendoller (2020) na ang pakikilahok sa mga proyekto ay nagpapalalim ng pag-unawa sa konteksto, kultura, at mensahe ng akda. Samantala, ipinakita nina Hernández-Ramos at De La Paz (2019) at Fragoulis at Tsiplakides (2019) na ang paggamit ng mga portfolio, multimedia presentation, at malikhaing proyekto ay nakatutulong sa interpretasyong pampanitikan at aktibong talakayan. Sa larangan ng literasi at pag-unawa, natuklasan ni Bas (2021) ang positibong epekto ng PBL sa pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan, samantalang binigyang-diin ni Bell (2020) ang kahalagahan ng pag-uugnay ng panitikan sa mga tunay na isyung panlipunan. Inilahad ni Solomon (2023) ang kontribusyon ng PBL sa akademiko, emosyonal, at panlipunang pag-unlad. Kaugnay nito, ipinakita ni Markham (2021) ang pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at kritikal na pag-iisip. Pinagtibay nina Kaldi, Filippatou, at Govaris (2021) ang kahalagahan ng mga interaktibong proyekto sa pag-unawa sa mga salaysay, habang binigyang-diin ni Tamim (2024) ang paggamit ng mga malikhaing gawaing digital sa pagsusuri ng mga akda. Natukoy rin nina Vaca-Cartagena at Lozano (2020) ang kahalagahan ng interdisiplinaryong proyekto sa pag-unawa sa panlipunang konteksto ng panitikan. Ayon kina Boss at Krauss (2017), mahalagang isaalang-alang ang proseso at produkto ng pagkatuto upang mapalalim ang pagsusuri at interpretasyon. Binigyang-diin ni Railsback (2022) ang paglikha ng kaalaman sa pamamagitan ng mga makabuluhang karanasan, habang ipinakita ni Reyes (2018) ang kontribusyon ng mga pagtatanghal sa pag-unawa at pag-alala sa nilalaman ng mga akdang pampanitikan. Sa kabilang banda, natukoy sa mga literatura ang mga hamong nakaaapekto sa pagpapatupad ng PBL. Tinukoy nina Thomas at Brown (2021) ang kakulangan sa oras, samantalang binigyang-diin ni Bell (2020) ang limitadong kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagdidisenyo ng mga proyekto. Inilahad nina Markham et al. (2023) ang hindi pantay na kontribusyon ng mga mag-aaral sa pangkatang gawain. Kaugnay nito, binigyang-pansin nina Helle et al. (2016) ang mga hamon sa pagtataya ng pagkatuto, habang natukoy nina Kokotsaki, Menzies, at Wiggins (2016) ang limitadong materyales at kagamitang kinakailangan sa mga proyekto. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Blumenfeld et al. (2020) ang kahirapan sa pagpapanatili ng motibasyon, samantalang tinalakay nina Grant at Branch (2015) ang pamamahala sa silid-aralan. Iminungkahi nina Larmer at Mergendoller (2015) ang sapat na paggabay sa bawat yugto ng proyekto. Ipinaliwanag nina Harris at Katz (2021) ang kahalagahan ng interdisiplinaryong pagtuturo, habang binigyang-diin ni Ravitz (2020) ang pangangailangan ng malinaw na suportang administratibo. Sa usapin ng mga rekomendasyong pampolisiya, binigyang-diin ni Thomas (2020) ang pangangailangan ng sistematikong suporta, pagsasanay, at paglalaan ng mga kagamitan. Ayon kina Belland, Glazewski, at Ertmer (2019), mahalaga ang pamumunong pang-institusyon at mga patakarang sumusuporta sa mga guro. Ipinakita nina Kokotsaki, Menzies, at Wiggins (2016) ang kahalagahan ng malinaw na pamantayan sa pagtataya at pantay na oportunidad sa pagkatuto. Samantala, iminungkahi nina Blumenfeld et al. (2021) ang mga patakarang higit na nakasentro sa mag-aaral. Binigyang-diin ni Holm (2021) ang pagbuo ng mga pamayanang propesyonal para sa mga guro, habang itinampok ni Savery (2016) ang awtonomiya ng mag-aaral at alternatibong pagtataya. Kaugnay nito, ipinunto nina Harmer at Stokes (2024) ang kahalagahan ng koordinadong patakaran, pagpopondo, at pagsusuri sa mga programang nakabatay sa PBL. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga literatura na ang kabisaan ng PBL ay may kaugnayan hindi lamang sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral kundi maging sa kahandaan ng mga guro, pagkakaroon ng sapat na mapagkukunan, at suportang pang-institusyon.

Sa lokal na konteksto, ang Purok ng Daet, partikular ang Daet South District 2 sa Sangay ng Camarines Norte, ay nagsusulong ng mga programang nakatuon sa akademikong pag-unlad, sining, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga inisyatibang inilahad sa manuskrito ang pagpapatibay ng Alternative Learning System, pagkilala sa mga natatanging kakayahan ng mga mag-aaral, pagpapalawak ng scholarship program, at pagpapaunlad ng mga pasilidad ng paaralan. Ipinapakita ng mga gawaing ito ang kahalagahan ng pagtutulungan ng mga guro, pamunuan, magulang, at komunidad sa pagsusulong ng de-kalidad na edukasyon. Sa pambansang antas, itinatadhana ng Artikulo XIV, Seksyon 1 ng 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas ang karapatan ng bawat mamamayan sa de-kalidad na edukasyon. Kaugnay nito, ang Republic Act No. 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013 at DepEd Order No. 21, s. 2019 ay nagbibigay-diin sa makabago, kontekstuwalisado, at nakasentro sa mag-aaral na mga pamamaraang panturo. Sinusuportahan din ng Republic Act No. 9155, Republic Act No. 10968, DepEd Memorandum No. 42, s. 2016, at Philippine Professional Standards for Teachers ang pagpapaunlad ng mga kasanayan, inobasyong pedagogikal, at kalidad ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pandaigdigang konteksto, ang UNESCO Education 2030 Framework for Action ay nagsusulong ng inklusibo at de-kalidad na edukasyon at panghabambuhay na pagkatuto. Samantala, binibigyang-halaga ng OECD Future of Education and Skills 2030 Framework, Partnership for 21st Century Learning (P21), at Southeast Asian Ministers of Education Organization (SEAMEO) ang paglinang ng kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, kolaborasyon, at responsableng pagkatuto. Ang mga prinsipyong ito ay kaugnay ng PBL bilang estratehiyang nagbibigay-diin sa aktibong pagkatuto at makabuluhang aplikasyon ng kaalaman.

Ang pag-aaral ay nakabatay sa limang teorya ng pagkatuto na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng aktibong karanasan, pakikipag-ugnayan, at kontekstuwal na aplikasyon ng kaalaman sa Project-Based Learning. Ang Constructivist Learning Theory (Piaget, 1970) ay nagpapaliwanag na ang mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kaalaman mula sa sariling karanasan. Sa pagtuturo ng panitikan, nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga akda sa pamamagitan ng paglikha at interpretasyon ng mga proyektong pampanitikan. Kaugnay nito, ang Experiential Learning Theory (Kolb, 1984) ay nagbibigay-diin sa pagkatutong nagmumula sa karanasan, pagninilay, at aplikasyon ng mga natutuhan. Samantala, ang Social Development Theory (Vygotsky, 1978) ay nagpapahalaga sa interaksiyong panlipunan, kolaborasyon, at paggabay ng guro sa paglinang ng kaalaman. Ang Multiple Intelligences Theory (Gardner, 1983)

naman ay kumikilala sa pagkakaiba-iba ng kakayahan ng mga mag-aaral, na maaaring maipamalas sa pamamagitan ng malikhaing pagsulat, sining, pagtatanghal, at iba pang proyektong pampanitikan. Dagdag dito, ang Situated Learning Theory (Lave & Wenger, 1991) ay nagbibigay-diin sa pagkatutong nakaugnay sa aktuwal na konteksto ng lipunan, kultura, at pang-araw-araw na karanasan. Sa konseptuwal na balangkas, ginagamit ang modelong pinagkunan–proseso–awtput. Kabilang sa pinagkunan ang mga legal na batayan, teorya, kaugnay na literatura, respondyente, instrumento, at kagamitang estadistika. Nakatuon ang proseso sa pagsusuri sa kabisaan ng PBL ayon sa interes at pagpapahalaga sa panitikan, malikhain at mapanuring kaisipan, kolaborasyon at komunikasyon, retensyon at pag-unawa, at kaugnayan ng panitikan sa tunay na buhay. Sinusuri rin ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro at ang mga ugnayan ng ranggo ng kanilang pagtataya. Ang inaasahang awtput ay mga rekomendasyong pampolisiya na magsisilbing gabay sa pagpapaunlad ng paggamit ng PBL sa pagtuturo ng panitikan.

Bagaman maraming kaugnay na pag-aaral ang tumalakay sa positibong kontribusyon ng Project-Based Learning sa interes, pag-unawa, malikhaing pag-iisip, at kolaborasyon ng mga mag-aaral, nananatiling mahalagang suriin ang mga kondisyong nakaaapekto sa pagpapatupad nito sa partikular na konteksto ng mga pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Daet. Batay sa mga literaturang inilahad, ang mga naunang pagsusuri ay tumalakay sa magkakaibang aspekto ng PBL, kabilang ang mga estratehiyang panturo, kasanayang pampanitikan, suliranin sa implementasyon, at suportang pampolisiya. Gayunman, hindi naipakita sa mga sinuring literatura ang isang pinagsamang pagsusuri na partikular na nakatuon sa kabisaan ng PBL, mga suliraning kinakaharap ng mga guro, at mga rekomendasyong pampolisiya sa mga tinukoy na paaralan sa Purok ng Daet. Dahil dito, nilalayon ng kasalukuyang pag-aaral na mailarawan ang kabisaan ng PBL batay sa limang pangunahing aspekto ng pagkatuto sa panitikan at matukoy ang mga suliraning may kaugnayan sa oras, kaalaman, pagdidisenyo ng proyekto, kagamitan, at suporta ng mga magulang at stakeholder. Kabilang din sa layunin ang pagsusuri sa makabuluhang pagkakasundo ng mga ranggo sa pagtataya ng mga respondyente. Ang mga impormasyong makakalap ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyong pampolisiya para sa mas epektibo at makabuluhang pagtuturo ng panitikan.

Ang pag-aaral ay pangunahing nakaugnay sa Sustainable Development Goal 4 (SDG 4) – De-kalidad na Edukasyon, na naglalayong matiyak ang inklusibo, patas, at de-kalidad na edukasyon at maisulong ang panghabambuhay na oportunidad sa pagkatuto para sa lahat. Sa pagsusuri sa kabisaan ng Project-Based Learning, binibigyang-pansin ng pananaliksik ang mga estratehiyang maaaring magpaunlad sa interes, kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, komunikasyon, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang pagtukoy sa mga suliranin ng mga guro ay maaaring maging batayan sa pagpapahusay ng mga pamamaraang panturo at pagsuporta sa pantay na oportunidad sa pagkatuto. May kaugnayan din ang pag-aaral sa Sustainable Development Goal 17 (SDG 17) – Pakikipagtulungan para sa mga Layunin, partikular sa kahalagahan ng kolaborasyon sa pagitan ng mga guro, pamunuan ng paaralan, magulang, lokal na pamahalaan, at iba pang stakeholder. Ang pakikipagtulungang ito ay mahalaga sa pagtugon sa kakulangan ng mga kagamitan, pagpapalawak ng suportang pang-edukasyon, at pagpapatupad ng mga rekomendasyong pampolisiya. Sa pamamagitan ng mga layuning ito, maaaring makapag-ambag ang pananaliksik sa pagpapaunlad ng mga gawaing pang-edukasyon na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral at guro.

Ang pag-aaral ay may kaugnayan sa napapanatiling kaunlaran sa larangan ng edukasyon, kultura, teknolohiya, lipunan, at pamamahalang pang-institusyon. Sa aspektong pang-edukasyon, maaari itong magsilbing batayan sa pagpapahusay ng mga estratehiyang pedagogikal at patuloy na pagpapaunlad ng kakayahan ng mga guro. Ang mga rekomendasyong mabubuo ay maaaring makatulong sa pagpapalakas ng mga programang nakatuon sa makabuluhan at inklusibong pagkatuto. Sa aspektong pangkultura at panlipunan, binibigyang-halaga ng PBL ang panitikan bilang daluyan ng pagpapalalim ng kamalayan sa pagkakakilanlan, kasaysayan, pagpapahalaga, at mga karanasan ng lipunan. Ang pag-uugnay ng mga akdang pampanitikan sa aktuwal na buhay ay maaaring makatulong sa paglinang ng mapanuring kaisipan, pakikipagtulungan, at responsableng pakikilahok sa komunidad. Sa aspektong panteknolohiya, ang paggamit ng digital storytelling, multimedia presentation, at iba pang malikhaing kagamitang digital ay nagpapakita ng potensyal ng teknolohiya bilang suporta sa pagkatuto ng panitikan. Samantala, sa aspektong pampolisiya at pang-institusyon, ang pagtukoy sa mga suliranin sa pagpapatupad ng PBL ay maaaring magsilbing batayan sa pagpaplano ng mga pagsasanay, paglalaan ng kagamitan, at pagpapatibay ng suporta ng paaralan at komunidad. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay maaaring makapag-ambag sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral, nagpapahalaga sa kulturang pampanitikan, at sumusuporta sa patuloy na inobasyon sa pagtuturo. Ang mga resulta nito ay maaaring maging batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyong pampolisiya tungo sa mas inklusibo, makabuluhan, at napapanatiling sistemang pang-edukasyon.

METODOLOHIYA

A. Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibo-ebalwatib korelasyonal na pagdulog upang mailarawan at masuri ang kabisaan ng Project-Based Learning sa pagkatuto ng panitikan ng mga mag-aaral sa sekondarya. Sinaklaw ng deskriptibo-ebalwatib na pagsusuri ang limang aspekto: pagtaas ng interes at pagpapahalaga sa panitikan, pagpapamalas ng malikhain at mapanuring kaisipan, pag-unlad ng kasanayan sa kolaborasyon at komunikasyon, mas mataas na antas ng retensyon at pag-unawa sa nilalaman ng akda, at pagpapalawak ng koneksyon ng panitikan sa tunay na buhay. Tinukoy din ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro kaugnay ng oras, kaalaman, pagdidisenyo ng makabuluhang proyekto, kagamitan, at suporta ng mga magulang at stakeholder. Samantala, ginamit ang korelasyonal na pagdulog upang suriin ang makabuluhang pagkakasundo ng mga ranggo sa pagtataya ng mga respondyente. Ginamit ang Kendall Coefficient of Concordance

W upang masukat ang pagkakatugma ng kanilang mga pagtataya.

B. Lugar ng Pag-aaral, Mga Kalahok ng Pag-aaral at Sampol ay Pamamaraan ng Pagpili

Isinagawa ang pananaliksik sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Daet, Sangay ng Camarines Norte, partikular sa Daet South District 2, sa Taong-Panuruan 2025–2026. Kabilang sa mga paaralang saklaw ang Vicente L. Basit Memorial High School, Camarines Norte National High School, at Moreno Inegrated School. Ang mga paaralang ito ay bahagi ng lokal na sistemang pang-edukasyon na nagsusulong ng akademikong pag-unlad, makabagong pamamaraan ng pagtuturo, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa kabila ng mga hamon sa kagamitan, teknolohiya, at iba pang mapagkukunan. Ang mga respondyente ng pananaliksik ay mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Junior at Senior High School, partikular sa Key Stage 3 at 4, mula sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Daet, Sangay ng Camarines Norte. Batay sa nakatalang distribusyon, binubuo ang mga kalahok ng siyam (9) na guro mula sa Vicente L. Basit Memorial High School, labing-apat (14) mula sa Camarines Norte National High School, at pito (7) mula sa Moreno Inegrated School, na may kabuuang tatlumpung (30) guro. Ang mga respondyenteng ito ang nagsilbing pangunahing pinagkunan ng datos tungkol sa kabisaan ng PBL at mga suliraning kinakaharap sa pagpapatupad nito sa pagtuturo ng panitikan. Ginamit sa pananaliksik ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok mula sa mga tinukoy na pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Daet. Isinagawa rin ang enumerasyon ng lahat ng gurong nagtuturo ng Filipino sa Junior at Senior High School sa mga paaralang saklaw ng pag-aaral. Nakatuon ang pagpili sa mga gurong direktang kasangkot sa pagtuturo ng panitikan upang makalap ang kanilang pagtataya at karanasan sa paggamit ng Project-Based Learning.

C. Instrumento ng Pananaliksik

Gumamit ang mananaliksik ng sariling binuong talatanungan (research-made questionnaire) bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Binubuo ito ng isang daang (100) aytem na nahahati sa dalawang pangunahing bahagi. Ang unang bahagi ay may apatnapu't siyam (49) na aytem na sumusukat sa kabisaan ng PBL batay sa interes at pagpapahalaga sa panitikan, malikhain at mapanuring kaisipan, kolaborasyon at komunikasyon, retensyon at pag-unawa sa akda, at pag-uugnay ng panitikan sa tunay na buhay. Ang ikalawang bahagi ay may limampu't isang (51) aytem na tumutukoy sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro kaugnay ng kakulangan sa oras, kaalaman, kasanayan sa pagdidisenyo ng proyekto, kagamitan, at suporta ng mga magulang at stakeholder. Ginamit ang limang-puntong Likert-type rating scale sa pagsusuri at interpretasyon ng mga tugon. Para sa kabisaan ng PBL, ang mga marka ay binigyang-kahulugan mula sa walang bisa hanggang mabisang mabisa, samantalang ang mga suliranin ay tinaya batay sa antas ng kalubhaan ng mga ito. Sumailalim ang instrumento sa pagsusuri ng mga tagamasid pampurok, mga punong-guro, dalubguro, at tagapayo ng mananaliksik. Upang matukoy ang katatagan at kawastuhan nito, ginamit ang Kuder-Richardson Formula 21 batay sa pormulang binuo ni Diederich (1976). Ginamit din ang t-test sa pagsusuri ng korelasyon (Siegel, 1988), kung saan iniulat ang nakompyut na t-value na 7.36 bilang bahagi ng pagsusuri sa katatagan ng instrumento.

D. Baryabol ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay nakatuon sa dalawang pangunahing baryabol: ang kabisaan ng paggamit ng Project-Based Learning (PBL) sa pagkatuto ng panitikan ng mga mag-aaral sa sekondarya at ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagpapatupad nito. Ang unang baryabol ay ang **kabisaan ng Project-Based Learning**, na sinuri batay sa limang aspekto: pagtaas ng interes at pagpapahalaga sa panitikan, pagpapamalas ng malikhain at mapanuring kaisipan, pag-unlad ng kasanayan sa kolaborasyon at komunikasyon, mas mataas na antas ng retensyon at pag-unawa sa nilalaman ng akda, at pagpapalawak ng koneksyon ng panitikan sa tunay na buhay. Ang ikalawang baryabol ay ang **mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa paggamit ng Project-Based Learning**, na kinabibilangan ng kakulangan sa oras, kakulangan sa kaalaman, kahirapan sa pagdidisenyo ng makabuluhang proyekto, limitadong kagamitan, at limitadong suporta ng mga magulang at iba pang stakeholder. Ang dalawang baryabol ay sinuri batay sa pagtataya ng mga gurong respondyente gamit ang talatanungan. Sinuri rin ang antas ng pagkakasundo ng kanilang mga ranggo upang matukoy ang pagkakatulad ng mga pagtataya. Ang mga natuklasan ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyong pampolisiya tungo sa mas epektibong paggamit ng Project-Based Learning sa pagtuturo ng panitikan.

E. Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng sistematikong proseso na nagsimula sa paghahanda at pagsusuri ng panukalang pananaliksik, pagwawasto sa mga mungkahi, at pagbuo ng talatanungan. Humingi ang mananaliksik ng kaukulang pahintulot mula sa Dekana ng Paaralang Gradwado, Tagamasid Pampurok, at mga punong-guro ng mga paaralang saklaw ng pag-aaral bago ang pamamahagi ng instrumento. Pagkatapos makuha ang mga kinakailangang pahintulot, ipinamahagi ang talatanungan sa mga napiling guro ng Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Daet. Kinolekta, itinala, at inayos ang mga nakalap na tugon upang maihanda sa pagsusuring estadistikal. Ang mga resulta ay ginamit sa paglalarawan ng kabisaan ng PBL, pagtukoy sa mga suliranin sa pagpapatupad nito, at pagbuo ng mga rekomendasyong pampolisiya.

F. Pagsusuri ng Datos

Ginamit ang frequency count, percentage, weighted mean, at rank upang maiproseso at masuri ang mga datos. Ang frequency count at percentage ay ginamit upang matukoy ang dalas at bahagdan ng mga tugon, samantalang ang weighted mean ay nagsilbing batayan sa pagsusuri ng kabisaan ng PBL at antas ng mga suliraning kinakaharap ng mga guro. Ginamit ang limang-puntong iskala upang bigyang-kahulugan ang mga nakuhang marka, habang ang pagraranggo ay ginamit upang matukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga indikeytor batay sa pagtataya ng mga respondyente. Upang masuri ang antas ng pagkakasundo ng mga ranggo, ginamit ang Kendall Coefficient of Concordance W (Siegel, 1988). Ginamit din ang chi-square upang matukoy ang estadistikal na kahalagahan ng pagkakasundo ng mga ranggo (Siegel, 1988). Itinakda ang antas ng kabuluhan sa 0.05 bilang batayan sa pagsusuri ng mga haypotesis. Ang mga resulta ng pagsusuring estadistikal ay

ginamit sa pagbibigay-kahulugan sa mga natuklasan at sa pagbalangkas ng mga rekomendasyong pampolisiya para sa pagpapaunlad ng paggamit ng Project-Based Learning sa pagtuturo ng panitikan.

G. Etikal ng Konsiderasyon

Isinaalang-alang sa pananaliksik ang mga etikal na pamantayan upang mapangalagaan ang mga karapatan at pagiging kompidensyal ng mga respondyente. Humingi ang mananaliksik ng kaukulang pahintulot mula sa Dekana ng Paaralang Gradwado, Tagamasid Pampurok, at mga punong-guro ng mga paaralang saklaw bago isinagawa ang pangangalap ng datos. Sa liham para sa mga respondyente, ipinaliwanag ang layunin ng pananaliksik at hiniling ang kanilang pahintulot sa pagsagot sa talatanungan. Ginawang opsyonal ang paglalagay ng pangalan upang mapangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan. Tiniyak din sa liham na mananatiling kompidensyal ang mga resulta at gagamitin lamang ang mga ito para sa kasalukuyang pag-aaral. Ang mga hakbang na ito ay naglalayong mapanatili ang paggalang sa mga kalahok at ang integridad ng proseso ng pananaliksik.

RESULTA AT TALAKAYAN

A. Kabisaan ng Project-Based Learning sa Pagkatuto ng Panitikan

Pagtaas ng Interes at Pagpapahalaga sa Panitikan

Batay sa resulta, ang paggamit ng Project-Based Learning sa pagtaas ng interes at pagpapahalaga sa panitikan ay nakapagtala ng kabuuang weighted mean na 4.47, na may interpretasyong Higit na Mabisa. Pinakamataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga aral at kulturang nakapaloob sa mga akdang pampanitikan (4.76), na sinundan ng pagtaas ng interes sa pagbasa at pag-aaral ng panitikan (4.72). Samantala, pinakamababa ang pagtaas ng motibasyon na tuklasin ang iba't ibang anyo ng panitikan (4.22), bagaman nanatili ito sa antas na Higit na Mabisa. Ipinahihiwatig ng resulta na ang PBL ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pagpapahalaga sa panitikan sa pamamagitan ng mga proyektong nagbibigay ng pagkakataong mailapat ang mga aral at kulturang nakapaloob sa mga akda. Gayunman, ang mas mababang pagtataya sa motibasyong tuklasin ang iba pang anyo ng panitikan ay maaaring maiugnay sa pagkakaroon ng mga proyektong nakatuon lamang sa isang akda o genre. Kaugnay nito, ipinakita nina Santos at Reyes (2023) na bagaman nakatutulong ang PBL sa paglinang ng mga kasanayan, maaaring malimitahan ang kusang-loob na pagbabasa kapag higit na binibigyang-diin ang pagbuo ng output kaysa sa malayang pagpili at paggalugad ng mga akdang pampanitikan.

Pagpapamalas ng Malikhain at Mapanuring Kaisipan

Nakapagtala ang aspektong pagpapamalas ng malikhain at mapanuring kaisipan ng kabuuang weighted mean na 4.58, na may interpretasyong Mabisang Mabisa. Pinakamataas ang pagbuo ng mga orihinal at malikhaing output batay sa mga akdang pampanitikan (4.77), kasunod ang pagbuo ng makabuluhang proyektong nagpapakita ng malikhain at kritikal na pag-iisip (4.76). Pinakamababa naman ang pagsasagawa ng mapanuring pagsusuri sa mga isyung panlipunang nakapaloob sa panitikan (4.38), na may interpretasyong Higit na Mabisa. Ipinakikita ng mga resulta na ang PBL ay higit na nakatutulong sa malikhaing pagpapahayag at pagbuo ng orihinal na interpretasyon ng mga akda. Gayunman, ang pagsusuri sa masalimuot na isyung panlipunan ay nangangailangan ng masusing paggabay at pag-uugnay ng panitikan sa mga kontemporaryong usapin. Ayon kay Bender (2022), ang PBL ay nakapagpapaunlad ng mataas na antas ng pag-iisip, partikular sa paglikha, ngunit maaaring maisantabi ang malalim na pagsusuri kapag labis na nakatuon ang proyekto sa panghuling produkto. Binibigyang-diin nito ang pangangailangang pagbalansehin ang pagkamalikhain at mapanuring pag-iisip sa mga gawaing pampanitikan.

Pag-unlad ng Kasanayan sa Kolaborasyon at Komunikasyon

Ang pag-unlad ng kasanayan sa kolaborasyon at komunikasyon ay nakapagtala ng kabuuang weighted mean na 4.71, na may interpretasyong Mabisang Mabisa at pinakamataas sa limang pangunahing aspekto ng kabisaan ng PBL. Nanguna ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayang pampanitikan sa loob ng pangkat (4.87), na sinundan ng pagpapakita ng respeto at pagiging bukas sa opinyon ng iba (4.78) at mahusay na koordinasyon sa pagbuo ng proyektong pampanitikan (4.77). Pinakamababa ang kakayahang magbigay at tumanggap ng puna upang mapabuti ang proyekto (4.55), bagaman nanatili ito sa antas na Mabisang Mabisa. Ipinahihiwatig ng resulta na ang pangkatang katangian ng PBL ay nakatutulong sa aktibong komunikasyon, pagbabahagi ng ideya, at pagtutulungan ng mga mag-aaral. Gayunman, ang mas mababang pagtataya sa pagbibigay at pagtanggap ng puna ay nagpapakita ng pangangailangan sa mas malinaw na paggabay sa konstruktibong komunikasyon. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Delos Reyes (2024) na nagiging higit na epektibo ang peer feedback kapag may malinaw na pamantayan at ligtas na kapaligiran para sa malayang pagpapahayag at pagtanggap ng mga mungkahi.

Retensyon at Pag-unawa sa Nilalaman ng Akda

Batay sa nakalap na datos, ang retensyon at pag-unawa sa nilalaman ng akda ay may kabuuang weighted mean na 4.51, na may interpretasyong Mabisang Mabisa. Pinakamataas ang mas malalim na pag-unawa sa tema at mensahe ng akdang pampanitikan (4.58), na sinundan ng mas malinaw na pag-alala sa mga pangunahing pangyayari at detalye ng akda (4.57). Samantala, pinakamababa ang kakayahang mag-ugnay ng nilalaman ng isang akda sa iba pang tekstong pampanitikan (4.44), na may interpretasyong Higit na Mabisa. Ipinahihiwatig ng resulta na ang aktibong pagbuo ng mga proyektong pampanitikan ay nakatutulong sa pagpapanatili at pagpapalalim ng pag-unawa sa mahahalagang elemento ng akda. Sa pamamagitan ng malikhaing aplikasyon, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong balikan at bigyang-kahulugan ang mga tema, tauhan, at mensahe ng panitikan. Gayunman, ang mas mababang pagtataya sa pag-uugnay ng iba't ibang akda ay nagpapahiwatig ng pangangailangan sa mga gawaing naghahambing ng mga tekstong pampanitikan upang higit na mapalawak ang kanilang pag-unawa.

Pagpapalawak ng Koneksyon ng Panitikan sa Tunay na Buhay

Ang pagpapalawak ng koneksyon ng panitikan sa tunay na buhay ay nakapagtala ng kabuuang weighted mean na 4.43, na may interpretasyong Higit na Mabisa. Pinakamataas ang kakayahang iugnay ang mga tema ng akda sa mga kasalukuyang isyung panlipunan (4.50), na may interpretasyong Mabisang Mabisa. Sinundan ito ng paglikha ng mga proyektong tumatalakay sa mga kontemporaryong isyu batay sa aral ng panitikan (4.49). Pinakamababa ang pagpapamalas ng mas mataas na pagpapahalaga sa panitikan bilang salamin ng lipunan (4.32), bagaman nanatili ito sa antas na Higit na Mabisa. Ipinakikita ng resulta na ang PBL ay nagbibigay ng pagkakataong maiugnay ang mga araling pampanitikan sa mga tunay na karanasan at suliraning panlipunan. Gayunman, kinakailangan pang palalimin ang pagpapahalaga sa panitikan bilang instrumento sa pag-unawa sa kalagayan ng lipunan. Ayon kay Larmer (2015), mahalaga ang pagiging awtentiko ng mga proyekto upang magkaroon ng malinaw na kaugnayan ang pagkatuto sa aktuwal na buhay at komunidad. Sa ganitong paraan, maaaring higit na mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kabuluhan ng panitikan sa kanilang pang-araw-araw na karanasan.

Kabuuang Kabisaan ng Project-Based Learning

Sa kabuuan, ang Project-Based Learning ay nakapagtala ng pangkalahatang weighted mean na 4.54, na may interpretasyong Mabisang Mabisa. Nanguna ang kolaborasyon at komunikasyon (4.71), sinundan ng malikhain at mapanuring kaisipan (4.58), retensyon at pag-unawa sa nilalaman ng akda (4.51), interes at pagpapahalaga sa panitikan (4.47), at koneksyon ng panitikan sa tunay na buhay (4.43). Batay sa laki ng paaralan, nakapagtala ang malalaking paaralan ng weighted mean na 4.57, ang katamtamang paaralan ng 4.54, at ang maliliit na paaralan ng 4.51, na pawang nasa antas na Mabisang Mabisa. Ipinahihiwatig ng pangkalahatang resulta na ang PBL ay higit na napapakinabangan sa mga gawaing nangangailangan ng aktibong pakikipagtulungan, komunikasyon, at malikhaing pagpapahayag. Ang mga natuklasan ay maiuugnay sa Constructivism Theory, (Lev Vygotsky, 1978), na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng interaksiyon, kolaborasyon, at paggabay sa proseso ng pagkatuto. Gayunman, ipinakikita rin ng mga pagtataya na nangangailangan pa ng pagpapaunlad ang pag-uugnay ng panitikan sa tunay na buhay at pagpapalawak ng interes sa iba't ibang anyo ng akda.

B. Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Guro sa Paggamit ng Project-Based Learning

Kakulangan sa Oras

Ang kakulangan sa oras ay nakapagtala ng kabuuang weighted mean na 4.61, na may interpretasyong Lubhang Malubha. Pinakamataas ang kakulangan ng sapat na oras upang maisakatuparan ang bawat yugto ng proyekto (4.69), na sinundan ng limitadong oras para sa masusing pagpaplano (4.66) at paggabay ng guro sa bawat pangkat (4.64). Pinakamababa ang kakulangan ng oras para sa ebalwasyon ng mga natapos na proyekto (4.51), ngunit nanatili pa rin ito sa antas na Lubhang Malubha. Ipinahihiwatig ng resulta na ang pagpapatupad ng PBL ay nangangailangan ng sapat na oras para sa pagpaplano, pagsasagawa, pagsubaybay, at pagtataya ng mga proyekto. Ang limitadong panahon sa loob ng kurikulum ay maaaring makaapekto sa lalim ng pagsusuri sa mga akda at kalidad ng paggabay sa mga mag-aaral. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Santos (2022) na ang kakulangan sa oras ay nakaaapekto sa pagbibigay ng detalyadong feedback at makabuluhang pagtataya. Ipinakikita nito ang pangangailangan sa mas maayos na pamamahala ng oras at pagpaplano ng mga gawaing nakabatay sa proyekto.

Kakulangan sa Kaalaman ng mga Guro

Nakapagtala ang kakulangan sa kaalaman ng mga guro ng kabuuang weighted mean na 4.64, na may interpretasyong Lubhang Malubha at pinakamataas sa lahat ng suliraning sinuri. Nanguna ang kakulangan ng sapat na pagsasanay sa paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo (4.83), na sinundan ng kakulangan sa kasanayan sa paggamit ng teknolohiyang kaugnay ng PBL (4.81) at kakulangan sa kaalaman sa disenyo at implementasyon nito (4.72). Pinakamababa ang limitadong kaalaman sa paglalapat ng mga konsepto ng panitikan sa aktuwal na proyekto (4.47), na may interpretasyong Malubha. Ipinahihiwatig ng resulta na ang pangunahing hamon ay nakaugat sa kakayahang pedagogikal at teknikal ng mga guro sa pagpapatupad ng PBL. Bagaman may kaalaman sila sa nilalaman ng panitikan, nangangailangan pa ng karagdagang pagsasanay sa paggamit ng teknolohiya, pagdidisenyo ng proyekto, at pagtataya ng pagkatuto. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Reyes (2023) ang kahalagahan ng kontekstuwalisadong pagsasanay upang mapahusay ang kakayahan ng mga guro sa paggamit ng PBL at mapataas ang kalidad ng mga gawaing pampanitikan.

Kakulangan sa Pagdidisenyo ng Makabuluhang Proyekto

Ang kakulangan sa pagdidisenyo ng makabuluhang proyekto ay nakapagtala ng kabuuang weighted mean na 4.59, na may interpretasyong Lubhang Malubha. Pinakamataas ang kawalan ng sapat na kasanayan sa paglikha ng mga proyektong nakapagpapalalim ng pag-unawa ng mag-aaral (4.67), na sinundan ng limitadong kaalaman sa pagbuo ng mga proyektong nag-uugnay sa panitikan at tunay na buhay (4.63). Pinakamababa ang kahirapan sa pagdidisenyo ng mga proyektong tumutugon sa mga layunin ng kurikulum sa panitikan (4.52), bagaman nanatili ito sa antas na Lubhang Malubha. Ipinakikita ng resulta na mahalagang mapalakas ang kakayahan ng mga guro sa pagdidisenyo ng mga proyektong may malinaw na layunin, proseso, at inaasahang kinalabasan. Ang kakulangan sa kasanayang ito ay maaaring magresulta sa mga gawaing nakatuon lamang sa pagbuo ng produkto sa halip na sa malalim na pag-unawa sa akda. Ayon kay Bautista (2024), ang mga proyektong may malinaw na layunin at kaugnayan sa tunay na buhay ay nakatutulong sa pagpapataas ng pakikilahok at motibasyon ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng mahusay na instructional design sa epektibong paggamit ng PBL.

Limitadong Kagamitan at Mapagkukunan

Ang limitadong kagamitan ay nakapagtala ng kabuuang weighted mean na 4.42, na may interpretasyong Malubha. Pinakamataas ang kawalan ng sapat na teknolohikal na kagamitan para sa makabuluhang pagkatuto (4.51), na may interpretasyong Lubhang Malubha. Kabilang din sa mga pangunahing suliranin ang kakulangan ng audio-visual equipment (4.48), limitadong pasilidad (4.46), at limitadong

akses sa internet at digital resources (4.46). Pinakamababa ang kakulangan ng mga aklat at babasahing pampanitikan bilang sanggunian sa proyekto (4.32), na nanatiling Malubha. Ipinahihiwatig ng resulta na ang limitadong kagamitan at teknolohiya ay maaaring maging hadlang sa pagbuo ng mga malikhaing proyektong pampanitikan. Bagaman maaaring gumamit ng mga alternatibong materyales, mahalaga pa rin ang pagkakaroon ng sapat na pasilidad at digital resources upang masuportahan ang iba't ibang anyo ng proyekto. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Lopez (2024) na ang kakulangan sa teknolohiya at pasilidad ay nakaaapekto sa aktibong pakikilahok at kalidad ng karanasan sa pagkatuto. Ipinakikita nito ang pangangailangang palakasin ang suportang pangkagamitan ng mga paaralan.

Limitadong Suporta ng mga Magulang at Stakeholder

Nakapagtala ang limitadong suporta ng mga magulang at stakeholder ng kabuuang weighted mean na 4.49, na may interpretasyong Malubha. Pinakamataas ang limitadong pondo o donasyong nagmumula sa mga stakeholder para sa mga proyekto (4.56), na sinundan ng kakulangan sa suporta ng mga magulang sa paglalaan ng oras at kagamitan (4.54). Samantala, pinakamababa ang kakulangan ng pakikilahok ng mga magulang sa mga gawaing proyekto ng kanilang mga anak (4.43) at kakulangan ng mga inisyatiba ng komunidad sa pagtulong sa mga gawaing pampaaralan (4.43), na kapwa may interpretasyong Malubha. Ipinakikita ng resulta na ang pagpapatupad ng PBL ay nangangailangan ng pagtutulungan ng paaralan, pamilya, at komunidad. Ang limitadong pinansyal at materyal na suporta ay maaaring makaapekto sa pagsasagawa ng mga proyektong nangangailangan ng karagdagang mapagkukunan. Dahil dito, mahalagang mapalakas ang komunikasyon at pakikipag-ugnayan ng mga guro, magulang, at stakeholder upang malinaw na maipaliwanag ang layunin, pangangailangan, at kahalagahan ng mga proyektong pampanitikan.

Kabuuang Antas ng mga Suliraning Kinakaharap ng mga Guro

Sa kabuuan, ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro ay nakapagtala ng pangkalahatang weighted mean na 4.55, na may interpretasyong Lubhang Malubha. Nanguna ang kakulangan sa kaalaman (4.64), sinundan ng kakulangan sa oras (4.61), kakulangan sa pagdidisenyo ng makabuluhang proyekto (4.59), limitadong suporta ng mga magulang at stakeholder (4.49), at limitadong kagamitan (4.42). Batay sa laki ng paaralan, nakapagtala ang malalaking paaralan ng 4.59, katamtamang paaralan ng 4.55, at maliliit na paaralan ng 4.52, na pawang may interpretasyong Lubhang Malubha. Ipinahihiwatig ng resulta na ang pinakamahahalagang suliranin sa pagpapatupad ng PBL ay nakaugnay sa kahandaan ng mga guro, sapat na oras, at kakayahang magdisenyo ng mga gawaing angkop sa pagkatuto ng panitikan. Bagaman mahalaga rin ang kagamitan at suporta ng komunidad, higit na binibigyang-diin ng mga pagtataya ang pangangailangan sa patuloy na propesyonal na pagpapaunlad ng mga guro. Samakatuwid, kinakailangan ang magkakaugnay na hakbang sa pagsasanay, pagpaplano, at suportang pang-institusyon upang matugunan ang mga natukoy na hamon.

C. Kahalagahan ng Pagkakasundo ng mga Ranggo sa Pagtataya ng mga Respondyente

Pagkakasundo ng mga Ranggo sa Kabisaan ng Project-Based Learning

Sa pagsusuri ng pagkakasundo ng mga ranggo ng mga suliranin, nakapagtala ang kakulangan sa oras ng $W = 0.73$ at $\chi^2 = 19.71$ ($p < 0.025$); kakulangan sa kaalaman ng $W = 0.94$ at $\chi^2 = 22.56$ ($p < 0.005$); limitadong kagamitan ng $W = 0.85$ at $\chi^2 = 20.40$ ($p < 0.01$); at limitadong suporta ng mga magulang at stakeholder ng $W = 0.89$ at $\chi^2 = 24.03$ ($p < 0.005$). Para sa kakulangan sa pagdidisenyo ng makabuluhang proyekto, ang nakatalang estadistika sa talahanayan ng manuskrito ay $W = 0.83$ at $\chi^2 = 17.43$ ($p < 0.025$). Ang mga resulta ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakasundo ng mga ranggo sa lahat ng kategorya ng suliranin, kaya tinanggap sa orihinal na pagsusuri ang alternatibong haypotesis. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na may pagkakatulad ang mga pagtataya ng mga guro tungkol sa kalubhaan ng mga suliranin sa pagpapatupad ng PBL, partikular sa kakulangan sa kaalaman. Maiuugnay ito sa Learning Theory ni Lev Vygotsky (1978), na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng paggabay, interaksiyon, at suporta sa proseso ng pagkatuto. Sa konteksto ng pag-aaral, ang limitadong kahandaan ng mga guro at kakulangan sa suportang pang-institusyon ay nagpapakita ng pangangailangang palakasin ang mga kondisyong sumusuporta sa makabuluhang pagpapatupad ng PBL.

D. Mga Rekomendasyong Pampolisiya Batay sa Kinalabasan ng Pag-aaral

Batay sa mga natukoy na resulta, nakabuo ang pananaliksik ng mga rekomendasyong pampolisiya na nakatuon sa pagpapahusay ng disenyo at implementasyon ng Project-Based Learning sa pagtuturo ng panitikan. Kabilang dito ang pagpapalawak ng mga proyektong sumasaklaw sa iba't ibang genre ng panitikan, pagbuo ng mga gawaing paghahambing ng mga akda, at pagdidisenyo ng mga modyul na nag-uugnay sa panitikan at mga kontemporaryong isyu tulad ng kapaligiran, karapatang pantao, at teknolohiya. Iminungkahi rin ang pagsasama ng mga kasanayan sa konstruktibong pagpuna at paglutas ng hindi pagkakaunawaan, pagsasagawa ng mga pampanitikang eksibit, at pagpapalawak ng mga gawaing may direktang kaugnayan sa komunidad. Para sa mga guro, binigyang-diin ang regular na pagsasanay sa instructional design at makabagong estratehiyang nakabatay sa proyekto. Para naman sa pamunuan ng paaralan at mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon, kabilang sa mga mungkahi ang pagbibigay ng teknikal na tulong, pagsubaybay sa implementasyon, pagsusuri sa gawain at oras ng mga guro, paglalaan ng sapat na pondo at kagamitan, at pagpapatibay ng pakikipag-ugnayan sa mga magulang at stakeholder. Ang mga rekomendasyong ito ay tumutugon sa mga pangunahing resulta ng pag-aaral, partikular sa mataas na pagtataya sa kabisaan ng PBL sa kolaborasyon at komunikasyon at sa matinding suliraning kaugnay ng kakulangan sa kaalaman, oras, at pagdidisenyo ng mga proyekto. Ipinahihiwatig nito na ang pagpapaunlad ng PBL ay nangangailangan ng magkakaugnay na suporta mula sa mga guro, pamunuan ng paaralan, tagapagpaunlad ng kurikulum, Kagawaran ng Edukasyon, at komunidad. Ang pagpapatibay ng mga mekanismong ito ay maaaring makatulong sa mas sistematiko at makabuluhang paggamit ng PBL sa pagtuturo ng

panitikan at sa patuloy na pagpapaunlad ng kalidad ng edukasyon.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

A. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan, ang Project-Based Learning (PBL) ay tinayang mabisang-mabisa sa pagkatuto ng panitikan ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Daet, Sangay ng Camarines Norte, na may kabuuang weighted mean na 4.54. Pinakamataas ang kabisaan nito sa pagpapaunlad ng kolaborasyon at komunikasyon, kasunod ang malikhain at mapanuring kaisipan, retensyon at pag-unawa sa akda, interes at pagpapahalaga sa panitikan, at pag-uugnay ng panitikan sa tunay na buhay. Gayunman, tinayang lubhang malubha ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro, na may kabuuang weighted mean na 4.55, partikular ang kakulangan sa kaalaman, oras, at kasanayan sa pagdidisenyo ng makabuluhang proyekto. Natukoy rin ang makabuluhang pagkakasundo ng mga ranggo sa pagtataya ng kabisaan ng PBL at mga suliraning kinakaharap ng mga guro. Ang mga natuklasang ito ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyong pampolisiya tungo sa mas epektibong pagpapatupad ng PBL sa pagtuturo ng panitikan.

B. Rekomendasyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang pagbuo at pagpapatupad ng mga patakarang sumusuporta sa paggamit ng Project-Based Learning sa pagtuturo ng panitikan, partikular sa pagdidisenyo ng mga proyektong nakaugat sa lokal na komunidad at aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral. Mahalagang pahintulutan at suportahan ang paggamit ng teknolohiya sa pagbuo ng mga awtput na pampanitikan at maglaan ng sapat na suportang pinansyal at administratibo upang maisagawa ang mga proyekto maging sa labas ng silid-aralan. Iminumungkahi rin ang paggamit ng pamantayang rubrik na sumusukat hindi lamang sa pag-unawa sa panitikan kundi maging sa apat na pangunahing kasanayan: kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon, at pagkamalikhain. Kinakailangan ang koordinasyon ng mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon, mga punong-guro, at mga guro sa pagpapatupad ng mga rekomendasyong pampolisiya. Inirerekomenda rin ang pagsasagawa ng mga kaugnay na pananaliksik sa iba pang antas at uri ng paaralan upang higit na mapalawak ang pagsusuri sa paggamit ng PBL sa pagkatuto ng panitikan.

Ang pag-aaral ay nakatuon lamang sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa mga piling pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Daet, Sangay ng Camarines Norte, sa Taong-Panuruan 2025–2026. Ang mga natuklasan ay nakabatay sa pagtataya ng mga gurong respondyente tungkol sa kabisaan at mga suliranin sa paggamit ng PBL, sa halip na sa direktang pagsukat ng pagganap ng mga mag-aaral. Dahil dito, ang mga resulta ay dapat unawain ayon sa partikular na saklaw at konteksto ng isinagawang pananaliksik.

PASASALAMAT

Taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa University of Northeastern Philippines, Paaralang Gradwado, sa Dekana, Tagamasid Pampurok, mga punong-guro, at iba pang indibidwal na nagbigay ng pahintulot, paggabay, at suporta sa pagsasagawa ng pag-aaral. Lubos ding kinikilala ang mahalagang pakikilahok ng tatlumpung (30) guro sa asignaturang Filipino mula sa Vicente L. Basit Memorial High School, Camarines Norte National High School, at Moreno Integrated School sa Purok ng Daet, Sangay ng Camarines Norte. Ang kanilang mga tugon at pananaw ay naging mahalagang batayan sa pagsusuri sa kabisaan ng Project-Based Learning (PBL) sa pagkatuto ng panitikan, pagtukoy sa mga suliraning kinakaharap sa pagpapatupad nito, at pagbuo ng mga rekomendasyong pampolisiya tungo sa pagpapahusay ng pagtuturo at pagkatuto ng panitikan.

SANGGUNIANG BANGGIT

Baş, G. (2011). Investigating the effects of project-based learning on students' academic achievement and attitudes towards English lesson. *The Online Journal of New Horizons in Education, 1*(4), 1–15.

Bell, S. (2010). Project-based learning for the 21st century: Skills for the future. *The Clearing House: A Journal of Educational Strategies, Issues and Ideas, 83*(2), 39–43. https://doi.org/10.1080/00098650903505415

Bender, W. N. (2012). *Project-based learning: Differentiating instruction for the 21st century.* Corwin.

Blumenfeld, P. C., Soloway, E., Marx, R. W., Krajcik, J. S., Guzdial, M., & Palincsar, A. (1991). Motivating project-based learning: Sustaining the doing, supporting the learning. *Educational Psychologist, 26*(3–4), 369–398. https://doi.org/10.1080/00461520.1991.9653139

Boss, S., & Krauss, J. (2014). *Reinventing project-based learning: Your field guide to real-world projects in the digital age* (2nd ed.). International Society for Technology in Education.

Department of Education. (2017). *National adoption and implementation of the Philippine Professional Standards for Teachers* (DepEd Order No. 42, s. 2017). https://www.deped.gov.ph/2017/08/11/do-42-s-2017-national-adoption-and-implementation-of-the-philippine-professional-standards-for-teachers-2/

Department of Education. (2019). *Policy guidelines on the K to 12 Basic Education Program* (DepEd Order No. 21, s. 2019). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/08/DO_s2019_021.pdf

Fragoulis, I., & Tsiplakides, I. (2009). Project-based learning in the teaching of English as a foreign language in Greek primary schools: From theory to practice. *English Language Teaching, 2*(3), 113–119. https://doi.org/10.5539/elt.v2n3p113

Gardner, H. (1983). *Frames of mind: The theory of multiple intelligences.* Basic Books.

Grant, M. M., & Branch, R. M. (2005). Project-based learning in a middle school: Tracing abilities through the artifacts of learning. *Journal of Research on Technology in Education, 38*(1), 65–98. https://doi.org/10.1080/15391523.2005.10782450

Harmer, N., & Stokes, A. (2014). *The benefits and challenges of project-based learning: A review of the literature* (PedRIO Paper 6). Pedagogic Research Institute and Observatory, Plymouth University.

Helle, L., Tynjälä, P., & Olkinuora, E. (2006). Project-based learning in post-secondary education: Theory, practice and rubber sling shots. *Higher Education, 51*(2), 287–314. https://doi.org/10.1007/s10734-004-6386-5

Helm, J. H., & Katz, L. G. (2011). *Young investigators: The project approach in the early years* (2nd ed.). Teachers College Press.

Hernández-Ramos, P., & De La Paz, S. (2009). Learning history in middle school by designing multimedia in a project-based learning experience. *Journal of Research on Technology in Education, 42*(2), 151–173. https://doi.org/10.1080/15391523.2009.10782545

Holm, M. (2011). Project-based instruction: A review of the literature on effectiveness in prekindergarten through 12th grade classrooms. *InSight: Rivier Academic Journal, 7*(2), 1–13.

Kaldi, S., Filippatou, D., & Govaris, C. (2011). Project-based learning in primary schools: Effects on pupils' learning and attitudes. *Education 3–13, 39*(1), 35–47. https://doi.org/10.1080/03004270903179538

Kokotsaki, D., Menzies, V., & Wiggins, A. (2016). Project-based learning: A review of the literature. *Improving Schools, 19*(3), 267–277. https://doi.org/10.1177/1365480216659733

Kolb, D. A. (1984). *Experiential learning: Experience as the source of learning and development.* Prentice Hall.

Larmer, J., & Mergendoller, J. R. (2010). Seven essentials for project-based learning. *Educational Leadership, 68*(1), 34–37. https://ascd.org/el/articles/seven-essentials-for-project-based-learning

Larmer, J., & Mergendoller, J. R. (2015). *Gold standard PBL: Essential project design elements.* Buck Institute for Education.

Lave, J., & Wenger, E. (1991). *Situated learning: Legitimate peripheral participation.* Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9780511815355

Markham, T. (2011). Project-based learning: A bridge just far enough. *Teacher Librarian, 39*(2), 38–42.

Organisation for Economic Co-operation and Development. (2018). *The future of education and skills: Education 2030* (OECD Education Policy Perspectives No. 98). OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/54ac7020-en

Piaget, J. (1970). *Genetic epistemology.* Columbia University Press. https://doi.org/10.7312/piag91272

Railsback, J. (2002). *Project-based instruction: Creating excitement for learning.* Northwest Regional Educational Laboratory.

Ravitz, J. (2010). Beyond changing culture in small high schools: Reform models and changing instruction with project-based learning. *Peabody Journal of Education, 85*(3), 290–312. https://doi.org/10.1080/0161956X.2010.491432

Republic of the Philippines. (1987). *The 1987 Constitution of the Republic of the Philippines.*

Republic of the Philippines. (2001). *Republic Act No. 9155: Governance of Basic Education Act of 2001.* https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2001/ra_9155_2001.html

Republic of the Philippines. (2013). *Republic Act No. 10533: Enhanced Basic Education Act of 2013.* https://issuances-library.senate.gov.ph/legislative%2Bissuances/Republic%20Act%20No.%2010533

Republic of the Philippines. (2018). *Republic Act No. 10968: Philippine Qualifications Framework Act.* https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2018/ra_10968_2018.html

Savery, J. R. (2006). Overview of problem-based learning: Definitions and distinctions. *Interdisciplinary Journal of Problem-Based Learning, 1*(1), 9–20. https://doi.org/10.7771/1541-5015.1002

Siegel, S., & Castellan, N. J., Jr. (1988). *Nonparametric statistics for the behavioral sciences* (2nd ed.). McGraw-Hill.

Solomon, G. (2003). Project-based learning: A primer. *Technology & Learning, 23*(6), 20.

Thomas, J. W. (2000). *A review of research on project-based learning.* Autodesk Foundation.

Thomas, D., & Brown, J. S. (2011). *A new culture of learning: Cultivating the imagination for a world of constant change.* CreateSpace.

United Nations. (n.d.). *Goal 17: Partnerships for the goals.* https://www.un.org/sustainabledevelopment/globalpartnerships/

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2016). *Education 2030: Incheon Declaration and Framework for Action for the implementation of Sustainable Development Goal 4.* https://uis.unesco.org/sites/default/files/documents/education-2030-incheon-framework-for-action-2016-en_0.pdf

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes.* Harvard University Press. https://doi.org/10.2307/j.ctvjf9vz4